
6

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 3: Paggamit ng Impormasyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_ESP 6_Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon Sa Pagpapakatao (EsP) – Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Paggamit Ng Impormasyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rowena L. Guibao, Mary Grace P. Constantino

**Editor:** Maricha D. Rojo, Carmelita R. Segara

**Tagasuri:** Zaldy H. Reliquias, PhD, Raulito D. Dinaga, Othelo M. Beating

**Tagaguhit:** Edwin J. Peña Jr

**Tagalapat:** Othelo M. Beating

**Tagapamahala:** Ramir B. Uytico
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga
Donald T. Genine
Meriam T. Lima
Marsette D. Sabbaluca
Lynee A. Peñaflor / Salvacion J. Senayo
Zaldy H. Reliquias
Raulito D. Dinaga
Carmelita R. Segara

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region VI – Western Visayas**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 3: Paggamit Ng Impormasyon

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikaanim na Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggamit Ng Impormasyon!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

## Alamin

Ang modyul na ito ay magtuturo sa iyo ng tamang paraan sa paggamit ng mga impormasyong nakukuha mo sa radyo, telebisyon, internet at *social media*. Masusuri at maipapaliwanag mo rin ang mabuti at di-mabuting dulot ng impormasyong nakukuha mo dito. Sa bandang huli matutuhan mo ang sagot sa tanong na ito: Paano gagamitin nang tama ang mga impormasyon na naririnig at nababasa?

Sa modyul na ito inaasahang malinang ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Natutukoy ang tamang hakbang sa paggamit ng impormasyong may kinalaman sa pangyayari na makukuha sa radyo, telebisyon at *social media*.
2. Nasusuri ang mga impormasyong nakukuha o naririnig sa radyo, telebisyon o *social media*.
3. Naisasagawa ang tamang paggamit ng impormasyong nakukuha sa radyo, telebisyon o *sosyal media*.
4. Napapahalagahan ang tamang paggamit ng impormasyon na nabasa o narinig.

## *Subukin*

A. Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung wastong hakbang ang ginagawa at ekis (×) kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

_______________ 1. Si Mang Nicanor ay isang Barangay Opisyal. Nakatanggap siya ng *e-mail* na magkakaroon ng pagpupulong ang lahat ng opisyales ng Barangay. Tiningnan niya ang pangalan ng nagpadala mula ito sa kalihim.

_______________ 2. Nasa ika-anim na baitang si Josie. Handa na siyang pumasok sa paaralan ngunit napakalakas ng ulan. Narinig niya sa radyo na kinansila ng kanilang Mayor ang pasok sa elementarya at sekondarya dahil sa masamang kalagayan ng panahon. Tinawagan ni Josie ang kanilang paaralan upang eberipika ang narinig.

_______________ 3. Nanonood ka ng telebisyon at nakita mo sa kanilang palabas na may makapal na usok malapit sa inyong lugar. Sinabi mo agad sa iyong ina na mayroong sunog malapit sa inyo. Nabigla siya at hinimatay dahil sa nerbiyos. Nalaman mo mula sa inyong kapitbahay na nagpa-*fogging* lamang pala sa inyong Barangay.

_______________ 4. Nakatanggap ka ng mensahe mula sa kaibigan mo na naiinis ang isa mong kaklase sa iyo dahil sa palagi mong pagkuha ng matataas na marka. Hindi ka naniwala sa kanya dahil wala kang basihan nito.

_______________ 5. Nakita mo sa iyong *facebook account* na may isang babaeng nanawagan kung sino ang nakakikilala sa matandang palaboy-laboy sa kanilang lugar at hinahanap ang kanyang pamilya. Nagkataon na kilala mo ang matanda at malapit lamang ang tirahan nila sa inyo kaya pinuntahan mo agad ang kanyang pamilya at ipinaalam ang kinaroronan ng matanda.

B. Panuto: Sa iyong kuwaderno isulat ang **TAMA** kung ang pangyayari o sitwasyon ay nagsasaad ng tamang hakbang sa pagpapasya at **MALI** kung hindi.

_______________ 1. May *meeting* ang inyong samahan sa EsP at napagpasyahan ng marami na sasama sa *Clean up drive* ng paaralan. Hindi ka sumama dahil tinatamad ka.

_______________ 2. Hindi ka sumunod sa iminungkahi ng iyong lider sa pangkat na magdala ng matulis na bagay para madaling pumutok ang lobo sa inyong laro sa paaralan.

_______________ 3. Napagpasyahan ng SPG na maglunsad ng isang proyekto na makatutulong sa paaralan. Isa ka sa napili ng nakararami na maging lider. Labag sa kalooban mo na tinangap ang iyong pagkalider.

_______________ 4. May nabasa kang isang *private message* mula sa isang kaibigan na nagsasabi ng masama laban sa iyo. Nagalit ka kaagad kahit hindi mo alam ano ang pinagmulan nito.

_______________ 5. Napansin mo na ang iyong kaibigan na nakaupo sa harapan mo ay nangongopya ng sagot sa katabi nya ngunit ito ay binalewala mo at ikaw ay nagbulagbulagan lamang.

_______________ 6. Nagkasundo kayong magkaibigan na magsaliksik sa aklatan. Sa araw na napagkasunduan, tumanggi ka at nanood ng sine.

_______________ 7. May usapan kayong dadalo sa pulong ng kampanyang *"No to Drugs"* sa *Barangay Hall*. Hindi ka sumama dahil natapat ito sa sinusubaybayan mong Telenovela.

_______________ 8. Ang buong klase ay nagkasundong magsagawa ng pag-aaral sa *Laguna Ecocentrum*. Nakarating kana roon, subalit sumama ka pa rin.


_______________ 9. Galing sa mahirap na pamilya si Nicholas. Matalino siya kaya pinapag-aral siya ng pamahalaan. Nang makatapos bilang iskolar sa pagiging doctor nagdesisyon siya na magtatrabaho sa *America* dahil mas malaki ang sweldo doon.

_______________ 10. Si Luisa ay isang dalagang hindi nakapagtapos ng pag-aaral dahil sa barkada. Lagi siyang pinagsasabihan at pinagagalitan ng kanyang mga magulang. Gusto na lang ni Luisa na mag-asawa kahit walang trabaho ang lalaki para lang siya makaalis sa kanila.

| Aralin 1 | **Paggamit Ng Impormasyon** |
|---|---|

Sa panahon ngayon marami tayong mapagkukunan na iba't-ibang impormasyon tungkol sa mga nagaganap sa ating lugar/lokal o maging internasyonal man. Kailangan nating maging maagap upang mulat tayo sa mga pangyayari sa ating paligid.

Maraming makabagong teknolohiya ang maaaring magamit sa pagkuha ng mga impormasyon na nangyayari saan mang sulok ng mundo. Ang radyo, telebisyon, *social media - twitter, facebook; internert - google, Wikipedia* ay ilan sa mga mapagkukunan ng impormasyon.



## *Balikan*

Panuto: Basahin ang sumusunod na sitwasyon at tukuyin kung ano ang tamang hakbang na dapat gawin. Isulat ang titik ng napiling sagot sa iyong kuwaderno.

1. Pumunta ka sa isang aklatang-bayan. Hinihingi ang *information/ data* ng iyong tirahan.
   A. Ibibigay mo ang address ng iyong paaralan.
   B. Ibibigay mo ang kumpletong address ayon sa hinihingi.
   C. Ibibigay mo ang buong pangalan ng tatay at nanay mo.
   D. Alamin muna bakit hinihingi.

2. May dumating sa bahay ninyo na bagong katulong o kasambahay. Gabi na at bukas pa uuwi ang mga magulang ninyo.
   A. Patuluyin mo siya at patulugin sa gabi.
   B. Hayaan mo siyang maghintay sa labas ng bahay.
   C. Ipagbibigay alam sa kanya na ang mga magulang mo ay umalis pa at uuwi ang mga ito kinabukasan.
   D. Pabalikin siya kinabukasan.

3. May dumating, nagpapakilalang *collector* ng *appliances*. Wala sa bahay ang nanay at tatay mo. Hinihingi niya ang *cellphone number* ng mga magulang mo. Ano ang gagawin mo?

   A. Hindi papasukin ang tao at tawagan ang iyong ina sa *cellphone*.
   B. Papasukin ang tao sa bahay at papaghintayin sa tawag ng iyong ina.
   C. Humingi ng opinyon ng kapitbahay kung papasukin ang tao.
   D. Isara ang pinto at hayaang maghintay ang tao sa labas.

4. May isang *van* na huminto sa tapat ng bahay ninyo. Lumabas ang isang lalaki at nagbalitang naaksidente ang kapatid mo at kasalukuyang nasa ospital. Nasa trabaho pa ang mga magulang mo. Ano ang gagawin mo?

   A. Ipagbibigay alam at hihikayatin ang mga kaibigan na sumama ospital.
   B. Ikaw na lang ang sasama sa ospital.
   C. Ipaaalam sa mga magulang ang nangyari at hintayin ang kanilang desisyon.
   D. Magtatanong sa kapitbahay ano ang gagawin.

5. Lilipat ka ng papasukang paaralan. Kakailanganin ang mga impormasyon ng pamilya mo sa iyong mga sasagutin. Alin sa sumusunod ang hindi kasama?

   A. Buong pangalan ng tatay at pinagta-trabahuhan niya.
   B. Pangalan ng nanay mo sa pagkadalaga.
   C. Iyong mga kaibigan at nakaraang mga kaklase.
   D. Edad at pangalan ng iyong mga kapatid.

6. Nakita mo sa *facebook* na kinansila ang pasok dahil sa malakas na hangin at pabugso-bugsong ulan.

   A. Maniwala at huwag ng pumasok.
   B. Sasabihin sa ina na walang pasok dahil sinabi ito ng iyong kaklase.
   C. Itanong sa guro kung totoo ang impormasyong iyong nabasa.
   D. Alamin sa mga kaibigan kung totoo na walang pasok

7. Nag *chat* ang kaibigan mo tungkol sa programa para sa Buwan ng Wika. Nagtatanong siya kung ano ang isusuot sa palatuntunan. Ano ang gagawin mo?

   A. Isusumbong siya sa guro dahil hindi siya nakinig.
   B. Hayaan na makadalo sa palatuntunan ng paaralan na walang dala.
   C. Ipagbigay alam sa kaibigan ang mga palabas at kung ano ang dapat.

D. Ibigay agad sa kanya ang lahat ng impormasyong nalalaman tungkol sa programa sa Buwan ng Wika.

8. May umugong na balita na may naganap na nakawan sa Barangay. Isang araw, kumatok sa pinto ang isang lalaki at sinasabing kaibigan siya ng kanyang mga magulang. Pinapasok naman siya ng bata sa kanilang bahay kaya malayang nakapagnakaw ang kawatan. Kung ikaw ang bata, ano ang iyong gagawin?

   A. Hindi papasukin ang tao at tatawagan ang iyong ina upang itanong kung totoong kaibigan siya.
   B. Papasukin ang tao sa bahay at pahihintayin sa iyong ina.
   C. Humingi ng opinyon ng kapitbahay kung papasukin ang tao.
   D. Isara ang pinto at hayaang maghintay ang tao sa labas.

9. Una mong nabasa sa inyong *group chat* na mayroong *Clean-Up Drive* sa inyong paaralan upang maiwasan ang pagbara ng estero at makaiwas sa sakit na *dengue*. Batid mong hindi pa ito alam ng iyong mga kaklase at kaibigan. Ano ang gagawin mo?

   A. Ipagbibigay alam at hihikayatin ang mga kaibigan mo na sumama sa *Clean-Up Drive*.
   B. Ikaw na lamang ang sasama sa *Clean-Up Drive*
   C. Ipaaalam sa mga kaklase kung tapos na ang C*lean-Up Drive* dahil marami pa namang pagkakataon.
   D. Wala ang sagot sa mga nabanggit.

10. Nalaman mo sa isang pagsaliksik sa *social media* na ang palagiang paglalaro ng *mobile legend* ay nakakasama. Alam mo na ang iyong kapatid na lalaki ay palaging naglalaro nito. Ang gagawin mo ay…

   A. Sabihin na iwasan ang palagiang paglaro ng *mobile legend* dahil may masamang epekto ito.
   B. Sasabihin sa magulang ang iyong natuklasan.
   C. Hahayaan ang kapatid.
   D. Pagagalitan ang kapatid.



***Mga Tala para sa Guro***

Katungkulan mong tiyakin na ang bawat mag-aaral ay mabibigyan ng sapat na suporta at alalay mula sa kanilang magulang, nakatatandang kapatid sa bahay o kahit na sa mga kamag-anak, kaibigan at kapitbahay.

# *Tuklasin*

Magandang araw! Inaasahan sa modyul na ito na ikaw ay makatutukoy, makasusuri, makagagawa at makapagpapaliwanag ng mga tamang hakbang sa paggamit ng impormasyon upang hindi makasakit at makapaminsala sa sarili at sa kapwa.

***Iginuhit ni Edwin Peña, Jr.***

1. **Tandaan na ang *social media* at ang internet ay itinuturing na isang publikong lugar**

   *Anumang bagay na ipost natin sa social media at sa internet ay naisasapubliko. Ang isang post ay maaring mabasa ng daan-daan nating mga kaibigan at kakilala. Maari din itong mai-share at umabot sa libu-libo, o maging milyun-milyong naka-konekta sa internet.*

   *Kaya dapat tayong maging maingat sa lahat nang ating mga pananalita, ekspresyon, at maging sa mga pictures na ginagamit. Tandaan na maaaring mabasa at bigyan ng kahulugan ito ng kung sino-sino at samut-saring uri ng tao. Tandaan din natin na kung ano ang ating naging reputasyon online, ganun din ang magiging pagkilala sa atin sa tunay na buhay.*

   *Hanggat maaari, iwasang mag-post ng masyadong pribadong mga usapin o topic, maseselang larawan at video. Huwag mag-post ng maaring makasakit o makaoffend sa ibang tao.*

2. **Ang *social media* ay lugar para sa pagkakaibigan at pagkakaunawaan**

   *Ang social media ay nilikha upang paigtingin ang koneksyon sa ating mga mahal sa buhay at mga kaibigan sa pamayanan at sa*

*kabuuan ng lipunan. Ang Facebook, Twitter, Instagram, at iba pa, ay lugar para sa pagkakaibigan at pagkakaunawaan.*

*Maaring dumating minsan ang punto na magkasalungat ang ating mga pananaw sa iba't ibang mga bagay subalit tandaan natin na karapatan ng bawat isa ang magpahayag ng paniniwala at saloobin. Hindi ito masama. Mas mainam nga na naipahahayag natin ang ating mga kuro-kuro. Importante lang na manaig ang respeto sa mga pagkakaiba-iba natin.*

3. **Ugaliing basahin nang buo at maigi ang nilalaman ng *article* bago magkomento o mag-*share***

   *Tandaan natin na importante ang pagbabasa at pag-unawa nang lubusan sa mga bagay na nakikita natin sa internet. (Babala: hindi lahat ng nakikita sa internet ay totoo!)*

   *Narito ang ilang mga gabay na tanong upang mas maunawaan natin ang ating mga binabasa:*

   - *Ano ang pangunahing paksa ng article na ito? (Tungkol saan ang article na ito?)*
   - *Ano ang mga sumusuportang ideya sa pangunahing paksang ito?*
   - *Ano ang gustong ipahiwatig ng manunulat/potograpo/may-akda ng gawang ito?*
   - *Lahat ba ng mga naisulat/ipinapakita/nailathala ay suportado ng siyentipikong pagsusuri, ebidensya at patunay?*
   - *Pantay ba sa lahat ~~na~~ng panig ang mga anggulo ~~sa~~ ng akda o article na ito?*
   - *Maari ko bang beripikahin at i-cross check sa iba pang mga sources ang mga sinasabi at kine-claim ng awtor sa article na ito? Sumosoporta ba sa claim na ito ang iba pang mga sources o salungat ang mga ito?*
   - *Itong akda/imahe/video ba ay diretsong pagpahayag ng katotohanan/kaganapan (facts)? O ito ba ay pagpapahayag lamang ng may akda ng kanyang sariling opinyon?*
   - *Paano ito makaka-apekto sa akin at sa aking pang-araw-araw na pamumuhay?*
   - *Ano ang ibig sabihin article na ito sa mga bagay-bagay na kasalukuyang nangyayari sa ating lipunan?*

   *Kapag hindi lubusang naintindihan ang nababasa o nakikitang mga imahe, mas mainam na magtanong sa nakaka-alam, o mga*

*eksperto sa topiko. Magtanong sa mga kaibigan, kamag-anak, guro, o mga otoridad na may mas malawak na kaalaman sa topiko ng article o litrato.*

4. **Iwasang mag-*share* ng hindi beripikadong mga *article o memes***

    *Karugtong ng nasa itaas, tandaan natin na importanteng totoo at beripikado ang mga impormasyon na ating sine-share sa social media. Alamin kung totoo at batay lamang sa katotohanan ang nilalaman ng articles at mga larawan.*

    *May mga artikulong nais lamang magbigay ng komentaryo sa pamamagitan ng pagpapatawa. Ang tawag sa mga ito ay lampoon, parody, o satire. Maging maingat sa pagkilala at pagbasa ng mga ito.*

    *Tandaan natin na may iba pang mga websites na ang tanging pakay lamang ay manlinlang at magpakalat ng hindi totoong mga impormasyon. Iwasan natin ang mga ito.*

    *Maaring sa pag-share natin ng maling impormasyon ay makasakit tayo ng ibang tao, maging dahilan ng panic, o di kaya'y maging sanhi ng kaguluhan sa ating lipunan. Ayaw nating mangyari ito.*

5. **Maging responsable sa lahat nang oras**

    *Ang pagiging responsable online ay nag-uugat sa dalawang bagay lamang: katotohanan at paggalang.*
    *Kung ang bawat isa sa atin ay responsable sa ating pag-aasal sa social media, maiiwasan natin ang bangayan, hindi pagkaka-unawaan, siraan, at pagkakawatakwatak.*

    *Gamitin natin ang social media nang tama. Gamitin natin ito upang linangin ang ating pakikipag-kapwa tao. Gamitin natin ito upang tayo ay matuto. Gamitin natin ang Facebook, Twitter, at Instagram upang mas mapabuti pa ang ating pamumuhay.*

    *Ngunit may masama at mabuting dulot sa bawat paggamit natin o pagpapalabas ng ng mga impormasyon at personal nating pagkakilanlan sa sosyal medya. Paano nga ba natin gagamitin ang mga impormasyong nakukuha natin tungkol sa mga pangyayaring narinig o nabasa dito?*

**Mabuting Naidudulot:**

*Nabibigyan ng magandang pagkakataon ang mga mag-aaral upang lalo pang malinang ang kanilang pagkamalikhain o pagkamakasining at patuloy na pagkakaroon ng mga makabagong ideya. Ang mga kakayahan o talent ng bawat isa ay matutuklasan, halimbawa kung ang isang tao ay magaling umawit, maaari siyang matuklasan nang mas madali sa pamamagitan ng videos. Maaari*

*ding gamitin ang Google, isang website upang makapanaliksik ng tungkol sa iba't-ibang aralin. At ang mga saloobin ng bawat isa ay madaling naipahahayag. Ilan sa mga mabubuting epekto ay ang madaling laganap ng mga kaalaman o mga impormasyon at mabilis na pakikipag-ugnayan ng mga tao.*

**Masamang Naidudulot:**

- *Unang-una, hindi mo personal na nakakausap ang isang tao sa social media sapagkat kayo ay nag-uusap sa pamamagitan ng screen lamang.*
- *Nawawala din ang pagkakataon na mas matuto pa halimbawa sa mga detalye ng tamang pagbigkas at gramatika ng mga salita at pangungusap.*
- *Higit sa lahat ay nagiging sanhi ang social media ng paggamit ng mahabang oras maaring sa laro at pakikipag-usap ng isang mag-aaral na magsisilbing dahilan upang maapektuhan at mapabayaan ang pag-aaral.*

*Ayon sa mga eksperto, nakaka-apekto ang madalas na internet access sa kalusugan ng ating utak. Nagdudulot ito ng "sleep deprivation" o dahilan upang hindi tayo makatulog sa gabi. Sa kabilang banda, nagiging dahilan din ito sa pagkakaroon natin ng maikling pasensya o pokus sa isang bagay.*

*Ayon sa artikulo ng Forbes, ang matagalang paggamit ng internet ay nakapagdudulot ng adiksyon. Naka-aapekto ito sa personal na pakikipagtalastasan o sa relasyon natin sa ating mahal sa buhay dahil maraming oras ang nasasayang dahil na nga halimbawa sa paggamit ng social media.*
*Masaya man o nakapagdudulot ng aliw ang araw-araw na pag-access sa internet, hindi pa rin maganda na maubos ang oras dito. Higit sa lahat, mas maigi pa rin ang personal na pakikisalamuha sa kapwa dahil daan ito upang mas higit na makilala at makita ang tunay na emosyon, ugali at kilos ng isang tao.*


*Ang mga impormasyon na nakukuha natin sa radyo, telebisyon, internet at social media ay nakasalalay sa atin kung paano ito gagamitin. Ang responsabling paraan ng paggamit ng ano mang impormasyon ang makaiiwas na makasakit o makapapinsala sa sarili at sa kapwa.*


## *Suriin*

A. Panuto: Sipiin sa iyong kuwaderno ang nagsasaad ng tamang gabay sa paggamit ng impormasyon.

| | |
|---|---|
| Ang *social media* ay pampubliko at ang pagkakilala sa atin dito ay tulad na rin sa pagkilala sa atin sa personal | Ugaliing basahin nang buo at maigi ang nilalaman ng article bago magkomento o mag-*share.* |
| Pagpapakalat ng impormasyong hindi kapani-paniwala. | Ang *social media* ay para sa pagkakaibigan at pagkakaunawaan |
| Pagpapalitan ng hindi kanais-nais na salita. | Panonood ng mga *videos* na *restricted* |
| Pag-*post* ng personal at pansariling pagkakilanlan. | Pagiging responsable sa paggamit ng impormasyon |
| Iwasang magpost o mag-*share* ng mga impormasyong di beripikado. | Paggawa ng pekeng *account.* |


B. Panuto: Gawin ang *word web* gaya ng nasa ibaba sa iyong kuwaderno, Isulat dito ang mabuti at masamang epekto ng *social media*.




Masamang
epekto ng
*social
media*

# *Pagyamanin*

Panuto: Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong.



***Iginuhit ni Edwin Peña, Jr.***

*Isang umaga, habang umiinom ng kape si Mang Edwin nakikinig siya ng balita sa radyo. Ito ang kanyang napakinggan. "Ayon sa PAGASA, isang napakalakas na bagyo ang paparating sa Pilipinas. Sakop nito ang buong bansa na may pabugso-bugsong lakas ng hangin na 235 km/hr. at may malakas na buhos ng ulan. Ang napakalakas na bagyong ito ay inaasahang papasok sa bansa sa susunod na tatlong araw. Pinag-iingat ang lahat lalo na ang mga mandaragat sa malalakas at matataas na alon. Maghanda ang madla ng mga pangangailangan tulad ng flashlight, pagkain at mga gamot."*

*Naalarma si Mang Edwin sa kanyang narinig na balita. Humingi siya ng tulong sa kanyang asawa na si Aling Lita. Ipinagbigay alam nila ito sa kanilang mga kapitbahay at Barangay upang makapaghanda. Ang balitang ito ay sinuri ng Punong Barangay kung totoo at na kumpirma niya ito sa PAGASA. Ang lahat sa kanilang barangay ay nagtulong tulong sa pag-ayos ng bubungan at paglalagay ng banting sa kanilang bahay upang hindi masira o madala ng ipo-ipo at malalakas hangin.*

Gawin: Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ayon sa talata na iyong nabasa, paaano naiparating ang impormasyon?
2. Paano sinuri ang impormasyong narinig?
3. Katulad din ba sa kanya ang iyong gagawin? Bakit?

**Tandaan:**

**Suriin nang mabuti ang mga impormasyong tungkol sa mga pangyayari kung ito ay kapani-paniwala, maaasahan o ~~nasa~~ napapanahon.**

**Maging responsable tayo sa paggamit, pagbahagi o pagbibigay ng impormasyong nakukuha sa radyo, telebisyon, internet at *social media*.**

## *Isaisip*

Paano mo nagagamit nang wasto ang mga impormasyong nakukuha mo sa radyo, telebisyon, internet at *social media*?

Panuto: Sumulat ng limang hakbang sa tamang paggamit ng impormasyon na makukuha sa radyo, telebisyon at *social media*. Itala sa iyong kuwaderno.

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

Panuto: Sipiin sa iyong kuwaderno ang sumusunod. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum ng iyong sagot kung gaano mo kadalas ginagawa ang isinasaad sa bawat bilang.

| | MADALAS | MINSAN | HINDI |
|---|---|---|---|
| 1. Responsible ako sa pagbabahagi ng impormasyong aking naririnig. | | | |
| 2. Sinusuri ko ang mga impormasyong aking nakukuha. | | | |
| 3. Sinisigurado kong totoo ang impormasyong bago ko ito gamitin o ibahagi. | | | |
| 4. Inaalam ko kung maaasahan ba ang pinagkunan ko ng impormasyong aking ginagamit. | | | |
| 5. Ibinabahagi ko agad ang mga impormasyong nakatutulong sa aking kapwa at binabalewala kung walang kabuluhan ang mga ito. | | | |

# *Isagawa*

Panuto: Basahin ang sumusunod na sitwasyon at tukuyin kung ano ang tamang hakbang na gawin. Isulat ang titik ng napiling sagot sa iyong kuwaderno.

1. Tinatanong ka ng *principal* ng pangalan ng mga magulang mo.

   A. Isusulat mo sa papel ang mga pangalan nila.
   B. Sasabihin mo ang buong pangalan ng mga magulang mo.
   C. Itanong muna sa guro kung ano ang gagawin mo.
   D. Alamin sa mga kaibigan kung ano ang ginawa nila.

2. Sa *application form* kailangan mong isulat ang petsa ng kapanganakan ng nanay mo.

   A. Tatanungin mo ang kuya mo kung sasagutin ito.
   B. Sasagutin at isusulat mo ang petsa.
   C. Mamaliin ang petsa.
   D. Laktawan ang tanong sa *application form*.

3. May *census enumerator* ng Barangay na dumating sa bahay ninyo. Hinihingi niya ang *cellphone number* ng tatay mo. Ano ang gagawin mo?

   A. Ibigay mo dahil saulado mo ito.
   B. Papasukin ang tao sa bahay at pahintayin sa iyong tatay.
   C. Humingi ng opinyon ng kapitbahay kung papasukin ang tao.
   D. Isara ang pinto at hayaang maghintay ang tao sa labas.

4. Tumawag ang Tatay mo galing sa ibang bansa. Hinihingi niya ang *ATM number* ng nanay. Magpapadala siya ng pera. Ano ang gagawin mo?

   A. Ibibigay mo ang numero dahil saulado mo na ito at i-tsek mo pagkatapos.
   B. Paghintayin ang tatay sa pag-uwi ng nanay galing palengke.
   C. Itanong sa kapatid ang tamang numero.
   D. Wala ang sagot sa mga nabanggit.

5. Inaalam ng taong ka-*chat* mo ang pagkakakilanlan mo. Alin sa mga ito ang dapat mong ilihim sa kanya?

   A. Buong pangalan mo.
   B. Tirahan at edad mo.
   C. *PIN* ng *ATM* mo.
   D. Pangalan ng mga miyembro ng pamilya mo.

## *Tayahin*

Panuto: Isulat sa iyong kuwaderno ang (✓) kung wastong hakbang ang ginagawa at ekis (×) kung hindi.

_______________ 1. Si Mang Andoy ay matagal nang nagta-trabaho sa Munisipyo. Siya ay kinagigiliwan ng lahat sapagkat taos-puso niyang ginagampanan ang kanyang tungkulin. Dahil dito, hinihingi ng *Mayor* ang pangalan ng kanyang anak upang gawing *scholar* ng bayan. Isinulat niya ang palayaw ng anak sa kontratang papel.

_______________ 2. Nasa ika-anim na baitang si Nilo. Handa na siyang pumasok sa mataas na paaralan sa susunod na pasukan. Maagang nanghihingi ng lista ng mga magaaral ang Mataas na Paaralan ng San Jose. Hinihingi ang mga impormasyong nauukol sa kanyang sariling pamilya. Nasagot niya lahat ang mga ito.

_______________ 3. Ang Munisipyo ay naglalaan ng pundo para sa mga kabataan. Sa bakasyon, may dalawampung araw na pagtatrabaho ang ilalaan sa paglilinis ng kalsada, mga parke at iba pang pampublikong lugar. Tinatawag itong *summer job*. Gusto mong mag-apply. Hinihingi sa aplikasyon ang petsa ng kapanganakan ng inyong mga magulang. Hindi mo alam ang tamang petsa. Sinagutan mo ng mga petsang hula mo lang.

_______________ 4. Nakatanggap ka ng mensahe mula sa kaibigan mo. Gusto niyang lumabas ka ng bahay upang makita ang tatay mo at ang kinakatagpo niya na sinasabing babae daw ng tatay mo. Hindi ka naniwala sa kaniya dahil wala kang sapat na basihan nito.

_______________ 5. Nabalitaan mo sa iyong *facebook account* na may isang matandang babae na palaboy-laboy. Nalaman mo na ang nasabing matanda ay ang ina ng tatay mo. Pinuntahan mo kaagad ang matanda at pinagalitan siya.

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Isualat sa iyong kuwaderno ang tsek (✓) kung wasto ang hakbang na ginawa at ang ekis (×) kung hindi.

__________ 1. Si Mang Ernie ay may mga kaibigan. Ilan sa kanila ay nagtatrabaho sa ibang bansa. Ibinibigay niya sa mga ito ang *cellphone number* at *email address* niya.

__________ 2. Nagkasakit ang siyamnapung taong gulang na lola ni Efren. Tinatanong ng nars ng hospital ang *PhilHealth number* ng nanay niya. Ibinibigay niya ito.

__________ 3. Nagbakasyon ang buong pamilya sa Baguio. May nakilala kang isang mestiso. Tinulungan ka niyang maghanap ng bangko na pagkukunan mo ng pera. Ibinigay mo ang *PIN* ng *ATM* mo para mapadali ang pag-*withdraw*.

__________ 4. Gusto mong magkaroon ng bagong *gadget*. Kumuha ka ng hulugang *laptop*. Sa *application form* isinulat mo ang buong direksiyon ng tirahan mo.

__________ 5. Nabasa mo sa iyong *facebook account* na may isang babaeng nanawagan kung sino ang nakakilala sa matandang palaboy-laboy sa kanilang lugar at hinahanap ang kanyang pamilya. Nakita mo ang mukha ng matanda. Pinaalam mo sa kapitbahay mo na ang lola nila ay nakita sa facebook na matagal na nilang hinahanap.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

A
1. ✓
2. ✓
3. ✗
4. ✓
5. ✓

B
1. MALI
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. TAMA
6. TAMA
7. TAMA
8. MALI
9. TAMA
10. TAMA

**Balikan**

1. B
2. D
3. A
4. C
5. D
6. C
7. D
8. A
9. A
10. B

**Isagawa**

1. B
2. A
3. C
4. B
5. C

**Tayahin**

1. ✓
2. ✓
3. ✗
4. ✓
5. ✗

**Karagdagang Gawain**

1. ✓
2. ✓
3. ✗
4. ✓
5. ✓

# *Sanggunian*


*https://www.google.com.ph/search?hl=en&tbm=isch&source=hp&biw=1366&bih=651&ei=LG k9XZunAofN-QaxvZfIDw&q=cellphone&oq=cellpho&gs_l=img.1.0.0l*

*https://www.academia.edu/23301547/_EPEKTO_NG_SOCIAL_MEDIA_SA_PAMUMUHAY_ NG_MGA_MAG-AARAL*

*https://www.academia.edu/31644804/MGA_MABUTI_AT_MASAMANG_EPEKTO_NG_SOSYAL_MEDYA_SA_SENYOR_HAYSKUL_SA_MGA_MAGAARAL_NG_POLITEKNIKONG_UNIBERSIDAD_NG_PILIPINAS_TECH-VOC*
*https://medium.com/@ken.lerona/paano-nga-ba-ang-tamang-paraan-ng-pag-gamit-ngsocial-media-fa41e64041df*

*https://usapangmakinaatbp.wordpress.com/2017/09/24/%E2%80%8Bano-ang-mabuti-atmasamang-naidudulot-ng-social-media/*

*https://www.google.com/search?sa=X&rlz=1C1CHBD_enPH764PH764&q=pananaliksik+tungkol+sa+%22pakikibahagi%22+ng+impormasyong+pampamilya&tbm=isch&source=univ&ved=2ahUKEwi7obf_uMjmAhVDA4gKHRndDQUQ7Al6BAgKECQ&biw=934&bih=703*

*https://www.vic.gov.au/sites/default/files/201901/Ministerial%20Guidelines%20*

*%20Family%20Violence%20Information%20Sharing%20Scheme.pdf*

*https://www.google.com/search?q=sharing+family+information&rlz=1C1CHBD_enPH764PH764&oq=sharing+family+information&aqs=chrome..69i57j0l5.27781j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF-8*

*https://www.google.com/search?q=advantage+of+sharing+familyinformation&rlz=1C1CHBD_enPH764PH764&oq=adva&aqs=chrome.0.69i59l2j69i57j0l3.10671j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF-8*

*https://www.google.com/search?q=picture+of+family&rlz=1C1CHBD_enPH764PH764&oq=picture+&aqs=chrome.0.69i59j69i57j0l4.5968j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF-8*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph